# FACE MASK

*Andyleen C. Feje*

Inabutan siya ni kagawad ng telang face mask. May burda ito ng logo ng kanilang barangay.

“O, dapat nakikitang nakangiti ang mga mata kahit may face mask, ha,” atas ng kagawad sa kaniya habang inaabot ngunit hindi binibitawan ang isang malaking supot. May laman itong tatlong kilong bigas, may ilang de lata, pakete ng noodles, at kalahating dosenang 3-in-1 sachet ng kape.

Tumango na lamang siya at humarap sa tanod na may hawak na cellphone.

“O, ‘wag kang tumingin sa camera! Kunwari stolen shot. Kunwari ‘di mo alam.”

Tumango siya ulit. Pilit na inaabot ang supot na ayaw pa ring bitawan ng kagawad. Napansin niya, markado pala ang supot. May mukha ito ni kagawad. Ngiting-ngiti ito sa picture habang naka-thumbs up.

Nakatanghod ang tatlo niyang anak. Iwi-iwi ng panganay ang bunso habang ang ikalawa naman ay nagtatago sa likod ng kaniyang ate.

“Ay, saglit, sama natin ‘yong bunso mo sa picture para mas madrama. Kargahin mo, bilis.”

Tumango siya ulit. Kinarga ang bunso. Pinunasan niya ang sipon ng anak gamit ang manggas ng damit nito.

“O, ba’t pinunasan mo pa? hirit ng tatawa-tawang kagawad.

“E, matatakpan naman ‘yan ng face mask,” anito habang dumudukot ng face mask sa kaniyang bulsa.

Inabot niya ang facemask. Hindi siya kumibo.

“Sige, suot mo muna sa anak mo.”

“Ayan! Ready? One. Two. Three. Smile!”

Hindi niya tiyak kung nagawa bang ngumiti ng kaniyang mga mata. Kanina pa niya kagat-kagat ang pang-ibabang labi. Nagtitimpi. Nalasahan niya ang sariling dugo. Maalat. Habang nanangangasim naman ang kaniyang, ang kanilang sikmura.

*Putang ina.*